# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2025년 4월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa mga panlabas na problema**

Sa ating pamumuhay, kung minsan ay nakakaranas tayo ng madrama at panandaliang pagbabago. May mga masasayang pagbabago, tulad ng kasal o pagbubuntis, ngunit, mayroon ding nakakatakot at hindi kanais-nais na pagbabago. Kahit ngayon, maraming kababaihan ang hindi ligtas at nawawalan ng buhay sa magdamag dahil sa digmaan, kalamidad, kahirapan, at iba pa, at namumuhay sa takot at sakit. Pwede bang sama-sama nating ipanalangin sila, abutin, at magbigay ng praktikal na tulong sa pamamagitan ng maliliit na gawain? Hindi tayo nag-iisa. “Sapagkat ako ang Panginoon na iyong Dios. Ako ang nagpapalakas sa iyo at nagsasabing huwag kang matatakot dahil tutulungan kita.” (Isaiah 41:13)

카카오톡 채널에서 ‘소망의 여인들’ 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

1. Panginoon, buksan Mo ang isipan ng mga politiko sa buong mundo upang sila ay makagawa ng mga batas laban sa mga gawain ng pagkidnap ng mga tao at nawa, ito ay maipatupad. (Ps. 82:4)

2. Panginoon, ang bumabagsak na ekonomiya ng Albaniya ay nagiging dahilan ng pag lisan ng maraming kabataan upang magtungo sa Germany o sa Amerika at maging refugees sa halip na sila ay tumulong sa sariling bansa. (Lev. 19:33-34)

3. Mahabaging Ama, tugunin Mo nawa ang mga pangangailangan ng maraming tao sa Benin at sa buong mundo na nawalan ng tahanan dahil sa walang saysay na digmaan at tensyon sa politika. (Ps. 23:1)

4. Panginoon nawa ang mga migrante sa Bonaire ay maka sumpong ng maayos na buhay at matanggap ng mga tao sa kanilang lipunan. (Heb. 13:2)

5. Panginoon, Ikaw ang pumatnubay sa bagong rehimeng political ng Botswana sa kanilang pagbibigay ng kaayusan sa bansa at sa paglutas sa problema ng korapsyon sa mga dating pinuno. (Dan. 2:21)

6. O Ama, maraming Kambodiyans ang napipilitang iwan ang kanilang mga pamilya at maghanapbuhay ng illegal sa ibang bansa. Kahabagan at tulungan mo sila upang magkaroon ng marangal na hanapbuhay. (Deut. 24:14)

7. Panginoon, tumawag Ka ng mga mananampalataya sa Kanada na tutulong sa mga kababaihang dayuhan na hindi maayos ang kalagayan at nasa mapanganib na sitwasyon. (Deut. 10:18-19)

8. Panginoon, dahil sa Iyong kahabagan, alisin Mo po ang mga korapsiyon sa Sentral Aprikanong Republika na nagdudulot ng kahirapan sa mga mamamayan. (Deut. 16:19)

9. Panginoon, walang sapat na lupaing sakahan ang China upang magtanim para mapakain ang mga naninirahan sa kanilang bansa. Nawa'y bigyan Mo ng karunungan ang mga pinuno upang masiguro na sapat ang pagkain para sa lahat ng mamamayan. (Prov. 2:6)

10. Itinataas namin, oh Diyos, ang kaganapan sa Israel at Gaza, maghari nawa ang Iyong kapayapaan sa lugar na ito. Ikaw po ang magbigay ng kagalingan sa mga may karamdaman at magkaloob ng pangangailangan sa mga walang malay. Iligtas Mo ang mga napapahamak. (John 16:33)

11. Ang hari ng Eswatini ay inamin na ang lumalalang kahirapan at kawalan ng hanapbuhay na umaabot sa 35.4% ay isang malawakang suliranin sa bansa. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang mga pinuno upang magkaroon ng maraming hanap buhay at makapagbigay ng pagsasanay na teknikal. (James 1:5)

12. Panginoon, bigyan mo ng kalakasan at karunungan ang mga manggagawa ng Women of Hope sa Ukrania at Russia upang sila ay makagawa ng mga programa na nagbibigay ng lakas ng loob, kaaliwan at kaalaman para sa mga tagapakinig na nagdurusa dahil sa kasalukuyang digmaan. (Deut. 31:8)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr



13. Amang nasa langit, hinihiling namin na sa oras na may masamang panahon, Ikaw ang mag-ingat at magbigay ng ligtas na matutuluyan sa mga taga Indonesia na nakatira sa mapanganib na lugar. (Ps. 31:2)

14. Sa pagkakaedad ng mga tao at pagliit ng populasyon sa Hapon, ang ekonomiya ay hindi umuusad. Nawa ay dumulog sa Iyo, Panginoon, ang mga mamamayan para sa kalutasan ng kanilang suliranin. (Ps. 105:4)

15. Ama, hinihiling namin na ang mga mananampalataya sa simbahan ng South Korea ay maging masigasig sa pagdadala ng mensahe ni Hesus sa 2.5 milyong banyaga na naninirahan sa kanilang bansa. (Mark 16:15)

16. Panginoon, hinihiling namin ang katapusan ng hindi makatarungan pagtrato sa mga manggagawa sa Liberia. Nawa, magkaroon sila ng benepisyo sa kanilang pagtatrabaho at makatanggap ng tamang sweldo para sa pangangailangan sa araw a raw. (Eccles. 3:13)

17. Ama, ingatan Mo ang mga batang nakatira sa lansangan sa Mali mula sa maraming panganib na kinasusuungan nila dahil sa paghingi ng limos. Magpadala ka ng mga taong kakalinga sa kanilang araw-araw na pangangailangan. (Prov. 31:8-9)

18. Panginoon, linisin Mo po ang pamahalaan ng Mongolia sa suliranin ng korupsiyon. Nawa ang mga pinuno ay maging makatarungan, magkaroon ng pagkatakot sa Iyo at maghari nawa sa kanila ang kapayapaan. (Mic. 6:8)

19. Amang buhay, Ikaw po ang tumapos sa matinding karahasan sa bansang Myanmar. Nawa magkaroon ng maayos na pag-uusap para sa kapayapaan ang mga pinuno ng bansa. (1 Cor. 1:10)

20. Ama, nawa ang iyong matapat na presensya ang magpalakas sa puso at isipan ng mga babaeng nag-aalala dahil ang kanilang mga asawa ay nasa gitna ng digmaan. (Ps. 55:22)

21. Ama, pagkalooban Mo ng karunungan at pagkamalikhain ang mga pinuno ng pamahalaan sa Nigeria upang makabalangkas ng magagandang alituntunin para umangat ang kabuhayan ng buong bansa. (Prov. 21:1)

22. Panginoon, palakasin Mo at pagpalain ang mga dayuhang misyonero na nagdadala ng Ebanghelyo sa mga mamamayan ng North Caucasus. (Matt. 28:19)

23. Panginoon, gabayan Mo ang mga pinuno ng Papua New Guinea sa kanilang pag-sasaayos ng mga imprastrakturang pangkalinisan. Nawa ang ganitong hakbang ay makababawas sa mga karamdaman at magdulot ng kalusugan sa mga mamamayan. (3 John 1:2)

24. Panginoon, nawa ay magkaroon ng maayos at epektibong ugnayan sa bansang Paraguay, na magbibigay sa mga kababaihan ng pagkakataon na umunlad at magkaroon ng matatag na kabuhayan. (Matt. 5:42)

25. Ama, ilapit Mo po sa Iyo ang puso ng mga radikal at anti-semista upang sila ay makakilala sa Iyo. Bigyan mo po ng tapang ang Iyong mga anak kapag sila ay nahaharap sa panganib upang sila ay makatugon nang may pagmamahal dala ang katotohanan ng Iyong salita. (John 6:44)

26. Panginoon, hinihiling namin na magbukas Ka ng mga proyekto at pag-uugnayan sa mga negosyo upang ang mga hikahos na mga kababaihan sa South Africa ay magkaroon ng maayos na pagkakakitaan. (Prov. 19:17)

27. Diyos na makapangyarihan, idinudulog po namin ang mga babaeng kapatiran sa Nyarugusu refugee camp na nakikinig sa Women of Hope. Nawa ay matugunan ang kanilang pangangailangan sa Biblia, radyo at makinang panahi. (Phil. 4:6)

28. Panginoon, nawa ay maging matatag at maunlad ang ekonomiya ng Timor-Lestes. Bigyan Mo ng karunungan ang mga namumuno upang magkaroon ng maayos na hanapbuhay ang mga mamamayan, mabawasan ang kahirapan at maging sapat ang pagkain. (Jer. 29:11)

29. Kaawaan Mo, Amang nasa langit, ang mga mamamayan ng Uruguay na nasalanta ng mga kalamidad at nawalan ng mga mahal sa buhay at ari-arian. (Job 1:21-22)

30. Panginoon, magpadala Ka nawa ng mga kailangang gamit upang muling makabangon ang Vietnam dahil nasalanta ng bagyong Yagi ang maraming lugar. Bigyan Mo ng lakas at pag-asa ang mga mamamayan sa pagbuo ng kanilang mga buhay at komunidad. (2 Cor. 9:8)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**